# ANG PAGHAHANAP PARA SA PANLOOB NA KAPAYAPAAN (BAHAGI 1 NG 4): ANG MGA HADLANG SA PAGKAMIT NG PANLOOB NA KAPAYAPAAN

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Isang sulyap kung paano tinutukoy ng mga tao ang panloob na kapayapaan at kung paano sila nagsusumikap na makamit ito; pagkilala din sa mga hadlang na pumipigil sa ating makuha ang panloob na kapayapaan.

**Kategorya:**
Mga Artikulo Ang mga Pakinabang ng Islam Tunay na Kaligayahan at Panloob na Kapayapaan

**Ni:** Dr. Bilal Philips (transcribed from an audio lecture by Aboo Uthmaan)
**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 08 Jan 2024



Ang paksa ng panloob na kapayapaan ay tumutugon sa isang sandaigdigang pangangailangan. Walang sinuman sa mundong ito na hindi nagnanais ng kapayapaan sa kalooban. Hindi ito isang pagnanais na bago sa ating panahon; sa halip, ito ay isang bagay na hinahanap ng lahat noon pa man, anuman ang kulay, doktrina, relihiyon, lahi, nasyonalidad, edad, kasarian, kayamanan, kakayahan o pag-unlad sa teknolohiya.

Ang mga tao ay dumadaan ng iba't ibang mga landas sa pagsisikap na makamit ang kapayapaan sa kalooban, ang ilan sa pamamagitan ng pag-iipon ng mga materyal na pag-aari at kayamanan, ang iba sa pamamagitan ng droga; ang ilan sa pamamagitan ng musika, ang iba sa pamamagitan ng pagmumuni-muni; ang ilan sa pamamagitan ng kanilang asawa, ang iba sa pamamagitan ng kanilang trabaho at ilan sa pamamagitan ng mga nakamit ng kanilang mga anak. At di natatapos ang listahan.

Gayunpaman ang paghahanap ay patuloy parin. Sa ating panahon tayo ay pinaniwala na ang pag-unlad ng teknolohiya at modernisasyon ay siyang gagawa para sa atin ng mga pisikal na ginhawa at sa pamamagitan nito ay makakamit natin ang panloob na kapayapaan.

Gayunpaman, kung titingnan natin ang pinaka maunlad na teknolohiya at pinaka-industriyalisadong bansa sa mundo, America, makikita natin na ang pinangunahan nating paniwalaan ay hindi totoo. Ipinapakita ng mga istatistika na sa Amerika, mga 20

milyong na nasa tamang gulang ay nakararanas ng pagkalumbay(depresyon) taun-taon; at ano ba ang depresyon kundi isang kakulangan ng panloob na kapayapaan? Bukod dito sa taong 2000 ang bilang ng namamatay sa pagpapatiwakal ay doble ang bilang kaysa sa namamatay mula sa Aids. Gayunpaman, ang balita ng media ay ganoon pa rin, naririnig natin nang higit pa ang tungkol sa mga namamatay mula sa Aids kaysa sa namamatay sa pamamagitan ng pagpapatiwakal. Marami pang tao ang namamatay mula sa pagpapatiwakal sa Amerika kaysa sa homicide (pagpaslang), at ang mga bilang ng homicide ay napakalaki.

Kaya ang katotohanan na ang pag-unlad ng teknolohiya at modernisasyon ay hindi nagdadala ng panloob na kapayapaan at katahimikan. Sa kabila ng mga kasiyahan na dinala sa atin ng modernisasyon, higit na malayo tayo sa panloob na kapayapaan kaysa sa ating mga ninuno.

Napaka-mailap ng panloob na kapayapaan para sa nakararami sa atin; tila ba ang hirap nitong makamit.

Marami sa atin ang nagkakamali sa pag-aakala na ang mga personal na kasiyahan ay para sa panloob na kapayapaan; nakakamit natin ang mga elemento ng kasiyahan mula sa iba't ibang mga bagay, maging yaman ito, sekswal na relasyon o iba pa. Ngunit ang mga ito ay hindi magtatagal, darating sila at maglalaho. Oo mayroon tayong personal na kasiyahan paminsan-minsan at nasisiyahan tayo sa iba't ibang mga bagay paminsan-minsan, ngunit hindi ito panloob na kapayapaan. Ang totoong kapayapaan sa loob ay isang pakiramdam ng katatagan at kasiyahan na nagtatawid sa atin sa lahat ng mga pagsubok at kahirapan sa buhay.

Kailangan nating maunawaan na ang kapayapaan ay hindi isang bagay na umiiral sa mundong ito o sa paligid natin sapagkat kapag tinukoy natin ang kapayapaan ayon sa kahulugan ng diksyonaryo ito ay nagsasabi na ang kapayapaan ay kalayaan mula sa digmaan o alitan ng mamamayan. Saan natin ito makukuha? Laging may isang digmaan o ilang uri ng kaguluhan sa lipunan na nangyayari sa isang panig ng mundo. Kung titingnan natin ang kapayapaan sa mga pananaw ng antas ng estado kung gayon ang kapayapaan ay kalayaan mula sa kaguluhan sa publiko at seguridad, ngunit saan sa mundo natin ito makakamit ng may kabuuan? Kung titingnan natin ang kapayapaan sa isang antas na panlipunan, pamilya at trabaho, kung gayon ang kapayapaan ay kalayaan mula sa mga hindi pagkakasundo at alitan, ngunit mayroon bang isang kapaligiran sa lipunan na walang di pinagkakasunduan o di nagkaka-alitan? Kung lugar lang ang pag-uusapan, kung gayon oo, maaari tayong magkaroon ng isang lugar na kung saan ay tahimik, mapayapa at panatag, halimbawa ang ilang mga isla, ngunit ang panlabas na kapayapaan na ito ay umiiral lamang sa kaunting panahon, darating ang araw may isang bagyo o unos na darating.

Sinabi ng Diyos:

***“Katotohanang Aming nilikha ang tao sa paggawa at pagsisikap (sa pakikitalad sa buhay).” (Quran 90:4)***

Ito ang likas na katangian ng ating buhay; tayo ay laging nasa pagsusumikap at pakikibaka, nasa itaas, nasa ilalim, oras ng mga paghihirap at oras ng kasaganahan.

Ito ay isang buhay na puno ng mga pagsubok tulad ng sinabi ng Diyos:

***“At katiyakang kayo ay Aming susubukan sa mga bagay na tulad ng pangamba at pagkagutom, ang ilan ay pagkalugi sa hanapbuhay, pagkawala ng buhay at bunga (ng inyong pinaghirapan), datapuwa’t magbigay ng magandang balita sa mga as-Saabirin (ang mga mapagpasensya, atbp.).” (Quran 2:155)***

Upang harapin ang ating mga kalagayan, ang mga kalagayan ng paghihirap at pakikibaka kung saan tayo nananahanan, ang pagpapasensya ay ang susi.

Ngunit kung bumalik tayo sa panloob na kapayapaan na hinahanap natin, kung gayon ang pagpapasensya ay hindi mangyayari kung wala tayong panloob na kapayapaan.

Nabubuhay tayo sa isang mundo ng paghihirap at pakikibaka, ngunit sa loob ng ating mga sarili posible na makamit ang panloob na kapayapaan, kapayapaan sa kapaligiran, kasama ang mundo na ating tinitirhan.

Malinaw na may ilang mga hadlang na pumipigil sa atin na makamit ang kapayapaan. Kaya't kailangan nating kilalanin ang mga hadlang sa ating buhay na pumipigil sa atin na makamit ang pinaka mataas na kapayapaan sa kalooban at bumuo ng ilang madiskarteng paraan upang maalis ang mga ito. Ang mga hadlang ay hindi matatanggal sa pamamagitan lamang ng pag-iisip na kailangan nating alisin ang mga ito; kailangan nating bumuo ng ilang mga hakbang upang makamit ito. Kaya paano natin aalisin ang mga hadlang na ito upang makamit natin ang kung ano ang posible sa panloob na kapayapaan?

Ang unang hakbang ay kilalanin ang mga hadlang mismo. Dapat nating alamin ang mga ito, sapagkat kung hindi natin matutukoy ang mga ito ay hindi natin ito maaalis.

Ang ikalawang hakbang ay ang pagtanggap sa mga ito bilang mga hadlang sa ating sarili. Halimbawa ang galit ay isa sa pinakamalaking hadlang sa panloob na kapayapaan, halimbawa. Kung ang isang tao ay galit, napuno na at sumiklab, paano siya magkakaroon ng panloob na kapayapaan sa sitwasyong iyon? Hindi ito posible. Kaya kailangang kilalanin ng tao na ang galit ay isang balakid sa panloob na kapayapaan.

Gayunpaman, kung sinabi ng isang tao na, "Oo, ito ay isang balakid ngunit hindi ako nagagalit", kung gayon ang taong yaon ay may problema. Hindi niya tinatanggap ang balakid na ito bilang isang problema at nasa isang kalagayan ng pagtanggi sa sarili. Dahil dito hindi niya ito maalis.

Kung titingnan natin ang mga hadlang sa buhay maaari nating mailagay ang mga ito sa ilalim ng iba't ibang uri: mga personal na problema, mga suliranin sa pamilya, mga

problema sa pananalapi, mga panggigipit sa trabaho at espirituwal na pagkalito. At maraming mga suliranin sa ilalim ng mga uri na ito.

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/633/ang-paghahanap-para-sa-panloob-na-kapayapaan-bahagi-1-ng-4

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.